

**Medi-Cal General Property Limitations
para sa mga taong hindi kwalipikado gamit ang kanilang
Modified Adjusted Gross Income**

Hindi isinasama ng Medi-Cal ang ari-arian para sa mga taong kwalipikado batay sa kanilang Modified Adjusted Gross Income (MAGI). Maaari mong tanungin ang iyong manggagawa sa karapat-dapat kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal gamit ang mga panuntunan ng MAGI. Kung hindi ka pa nag-aapply, maaari kang mag-apply gamit ang isa sa mga paraang ito:

- Sa pamamagitan ng departamento ng kalusugan at mga serbisyong pantao ng iyong lalawigan. Hanapin ang impormasyon ng iyong lokal na tanggapan ng lalawigan sa <http://dhcs.ca.gov/COL>. O tumawag sa Medi-Cal Helpline sa (800) 541-5555.
- Online at www.CoveredCA.com
- Sa pamamagitan ng telepono sa **1-800-300-1506**

Ipinapaliwanag ng abisong ito ang **mga kinakailangan sa ari-arian** sa Medi-Cal para sa lahat ng mga aplikante at benepisyaryo ng Medi-Cal na **hindi** kwalipikado sa paggamit ng MAGI. Ito ang mga salitang dapat malaman:

- Kasama sa **ari-arian** ang parehong **real** na property at **personal** na ari-arian
- Ang **Real** na ari-arian ay lupa, gusali, mobile na mga tahanan na binubuwisan bilang real na property, mga life estate sa real na property, mortgage, mga promissory note, at mga deed of trust
- Ang **personal na** ari-arian ay anumang likido o hindi-likidong asset. Kabilang rito ang mga kotse, alahas, mga stock, mga bond, mga account sa institusyong pampinansyal, mga bangka, mga trak, mga trailer, atbp.
- Ang **nabibilang** na ari-arian ay ang real at personal na ari-arian na binibilang upang matukoy ang pagiging karapat-dapat
- Ang **exempt** o **hindi-available** na property ay ang real o personal na ari-arian na **hindi** binibilang upang matukoy ang pagiging karapat-dapat
- Ang **reserbang ari-arian** ay nabibilang na ari-arian na **hindi** exempt o hindi-available
- Ang **limitasyon sa reserbang ari-arian** ay ang kabuuang halaga ng pinapayagang nabibilang na ari-arian

Para maging kwalipikado para sa Medi-Cal, ang iyong kabuuang nabibilang na ari-arian ay hindi maaaring lumampas sa mga limitasyon ng reserbang ari-arian na ito, batay sa bilang ng mga tao kung kanino isinasaalang-alang ang mga ari-arian:

Bilang ng mga tao	Limitasyon ng ari-arian
1	\$130,000
2	\$195,000
3	\$260,000

4	\$325,000
5	\$390,000
6	\$455,000
7	\$520,000
8	\$585,000
9	\$650,000
10 o higit pa	\$715,000

Tandaan: Kapag ang isang asawa ay isang institusyong asawa at ang isa ay isang komunidad na asawa (nakatira sa bahay), pinapayagan ang dagdag na halaga ng nabibilang na ari-arian. Ang alahas na may anumang halaga ay exempt. Para malaman nang higit pa, basahin ang pahina 3.

Ang iyong nabibilang na ari-arian ay **hindi** dapat lumampas sa limitasyon ng reserbang ari-arian. Ang anumang halaga na lampas sa limitasyong iyon ay gagawin ka at/o ang iyong pamilya na **hindi karapat-dapat** para sa Medi-Cal.

Para maging kwalipikado para sa Medi-Cal, maaari mong ibaba ang iyong ari-arian sa limitasyon ng reserbang ari-arian bago matapos ang buwan kung kailan ka nag-aapply para sa Medi-Cal. Kung hindi mo maibaba ang limitasyon ng ari-arian sa loob ng isang buwan simula ng buwang nag-apply ka, basahin ang **Eksepsyon: Principe v. Belshé** sa pahina 6.

Mga Eksempyon sa Ari-arian

(Ari-ariang **hindi** binibilang para sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal)

Real na property

- **Prinsipal na tirahan** (ari-ariang ginamit bilang **tirahan**)
 - Kapag ang isang aplikante o benepisyaryo ay wala sa tirahan para sa anumang kadahilanan, kabilang ang pagiging nasa institusyon, ang tirahan ay mananatiling exempt kung ang aplikante o benepisyaryo ay nagnanais na bumalik rito balang araw.
 - Ang tirahan ay mananatiling exempt kung ang asawa ng aplikante o benepisyaryo o dependent na kamag-anak ay patuloy na naninirahan dito.
 - Ang pera na natanggap mula sa pagbebenta ng bahay ay maaaring maging exempt para sa 6 na mga buwan kung ang pera ay gagamitin para bumili ng isa pang bahay.
- **Iba pang real na property**
 - Hanggang sa \$6,000 ng halaga ng equity sa hindi-negosyong real estate (maliban sa bahay), mga mortgage, mga deed of trust, o iba pang mga promissory note ay maaaring ma-exempt.
 - Para sa eksempsyong ito, ang ari-arian ay dapat gumawa ng taunang kita na 6 porsiyento ng halaga ng net market o kasalukuyang face value.
- **Real na property na ginagamit sa isang negosyo o kalakalan**
 - Ang real estate na ginagamit sa isang kalakalan o negosyo ay exempt anuman ang equity nito at kung ito man ay gumagawa ng kita.
 - Kasama sa eksempsyong ito ang mga rental na ari-arian sa ilang mga sitwasyon.

Personal na ari-arian

- **Isang motor na sasakyan**
- **Personal na ari-arian na ginagamit sa isang kalakalan o negosyo**
- **Mga personal na effect** kabilang ang mga damit, mga pamana, mga singsing sa kasal at engagement, at iba pang mga alahas
- **Mga item sa bahay**
- **IRAS, KEOGHs, at iba pang mga plano sa pensiyon na may kaugnayan sa trabaho**
 - Ang mga pondong ito ay exempt kung ang miyembro ng pamilya na nakapangalan rito ay **hindi** nais ang Medi-Cal.
 - Kung ang pondo ay naka-pangalan sa isang taong nais ng Medi-Cal at nakakakuha ng mga prinsipal at mga pagbabayad ng interes, ang balanse ay hindi-magagamit at **hindi** ibibilang.
- **Mga irrevocable na burial trust o mga irrevocable na kontrata ng prepaid burial**
- **Isang revocable na pondong burial o revocable na kontrata ng prepaid burial** na may halaga hanggang \$1,500 kasama ang naipon na interes bawat tao
- **Mga item sa espasyong burial**
- **Mga instrumentong pang-musika**
- **Mga item ng libangan kabilang ang mga TV, mga elektroniko, mga kompyuter, mga baril, mga koleksyon, atbp.**
- **Mga hayop, manok, o mga pananim**
- **Nabibilang na ari-arian na katumbas ang halaga ng benepisyong binayaran sa ilalim ng isang sertipikado-ng-estado na polisiya sa seguro ng pangmatagalang pangangalaga**
- **Mga polisiya sa seguro sa buhay**
 - Ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng mga polisiya sa seguro sa buhay na may pinagsamang face value na \$1,500 o mas mababa.

Mga limitasyon sa ari-arian para sa mga taong pumapasok o nakatira sa pangmatagalang pangangalaga na hindi kwalipikado gamit ang MAGI

Kung ikaw ay single at nakatira sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga:

Dapat mayroon kang \$130,000 o mas mababa sa iyong reserbang ari-arian.

Kung ikaw ay may asawa at pareho kayong nakatira sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at wala sa inyo ang dating nag-apply para sa Medi-Cal:

- Ang iyong hiwalay na ari-arian kasama ang isang kalahati ng ari-ariang komunidad ay dapat nagkakahalaga ng \$130,000 o mas mababa.
- Ang iyong asawang hindi nag-apply para sa Medi-Cal ay maaaring itabi ang lahat ng kanyang hiwalay na ari-arian kasama ang kalahati ng komunidad na ari-arian. Maaari mong mapabilis ang pagiging karapat-dapat mo sa Medi-Cal kung sumasang-ayon ka at ang iyong asawa na hatiin ang inyong komunidad na ari-arian. Bago pirmahan ang ganitong uri ng kasunduan, dapat kang

kumuha ng payo mula sa isang abogado nakakaalam ng tungkol sa programang Medi-Cal.

Kung ikaw ay may asawa at ikaw ay na-admit sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga:

- Kung ikaw ay inaasahang mananatili sa hindi bababa ng **30** mga sunud-sunod na araw at ang iyong asawa ay nakatira sa komunidad, ang iyong asawa ay maaaring magtabi ng isang tiyak na halaga ng pinagsamang komunidad na ari-arian at hiwalay na ari-arian. Ang halagang ito ay tinatawag na Community Spouse Resource Allowance (CSRA).
- Nalalaman ang CSRA batay sa araw na nag-apply ka para sa Medi-Cal.
- Ang CSRA ay umaakyat tuwing Enero 1 ng bawat taon. Makikita mo ito sa website ng Department of Health Care Services. Ang CSRA ng 2022 ay \$137,400.
- Ang institusyonalisadong asawa (asawang nasa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga) ay maaaring magtabi ng hanggang sa \$130,000 na idinagdag na nabibilang na ari-arian.
- Ang limitasyon sa CSRA ay maaaring tumaas kung ang komunidad na asawa ay nakakuha ng **utos ng korte** para sa kanilang suporta o **patas na paglilitis** na natagpuan na ang **parehong** mga ito ay totoo:
 - a. Ang isang mas malaking halaga ng ari-arian ay kinakailangan para gumawa ng sapat na kita para taasan ang kita ng komunidad na asawa sa minimum monthly maintenance needs allowance (MMMNA).
 - Ang MMMNA para sa taong 2022 ay \$3,435 bawat buwan.
 - Ang MMMNA ay ina-update taun-taon at maaaring matagpuan sa website ng Department of Health Care Services.
 - b. Mas malaking kita ang kinakailangan dahil sa mga pambihirang pangyayaring nagdudulot ng kahirapan sa pananalapi.

Tandaan: Dahil ang mga panuntunang ito ay nakakaapekto sa kung gaano karaming pera ang maaaring itabi ng isang komunidad na asawa, para sa mga layunin ng pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ng institusyonalisadong asawa, maaari mong naising kumunsulta sa isang programa ng legal na serbisyo para sa mga senior sa iyong lugar. O para malaman kung paano nakakaapekto sa iyo ang batas, kumunsulta sa isang abogado nakakaalam ng tungkol sa programa ng Medi-Cal.

Pag-a-assess

Ang isang institusyonalisadong tao o kanilang asawa ay maaaring humingi ng pag-a-assess sa ari-arian kahit na ang institusyonalisadong tao ay hindi nag-a-apply para sa Medi-Cal. Kakailanganin mong gumawa ng appointment sa isang departamento ng kapakanan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa iyong lalawigan. Hanapin ang impormasyon ng iyong lokal na tanggapan ng lalawigan sa <http://dhcs.ca.gov/COL>.

Kakailanganin mong magbigay ng patunay ng mga halaga ng lahat ng iyong real at personal na mga ari-arian. Ang patunay na ito ay maaaring kasama ang mga pag-a-assess ng buwis sa iyong lalawigan, mga statement account ng checking at

savings, mga order ng hukuman, mga account statement sa brokerage, mga polisiya sa seguro sa buhay, mga polisiya sa annuity, mga dokumento ng trust account, mga kontrata, mga kasunduan sa pag-upa, mga dokumento sa life estate, at/o mga dokumento mula sa mga kwalipikadong tao ng mga institusyong pampinansyal na tungkol sa mga halaga ng anumang real o personal na ari-ariang pagmamay-ari mo at ng iyong asawa.

Pagbabawas ng ari-arian sa loob ng mga limitasyon sa ari-arian

Bago maaprubahan ang Medi-Cal sa loob ng isang buwan, ang reserbang ari-arian ay dapat bawasan sa halagang nasa o nang mas mababa sa limitasyon ng ari-arian sa katapusan ng buwang iyon.

Hindi maaaprubahan ang karapat-dapat sa Medi-Cal para sa isang buwan maliban kung ang nabibilang na ari-arian ay mas mababa sa limitasyon ng ari-arian sa mga oras ng kalendaryong buwan na iyon. Kung hindi mo maibaba ang limitasyon sa ari-arian sa loob ng isang buwan simula ng buwan na nag-apply ka, basahin ang **Eksepsyon: Principe v. Belshé** sa pahina 6.

Mga halimbawa:

- Kung ang kabuuang hindi-exempt na ari-arian ng isang aplikante ng Medi-Cal ay isang savings account na may \$200,000 na balanse sa isang buwan, dapat nilang bawasan ang savings account sa \$130,000 sa buwan na iyon. Dapat bawasan ng mag-asawa ang savings sa \$195,000 sa buwan na iyon.
- Kung ang isang institusyonalisadong asawa at isang komunidad na asawa ay may pinagsamang ari-arian na ang kabuuan ay higit pa sa CSRA kasama ang \$130,000 sa isang buwan, ang mag-asawa ay dapat bawasan ang kabuuang hindi-exempt na ari-arian sa o ng mas mababa sa CSRA kasama ang \$130,000 para matugunan ang mga kinakailangan sa ari-arian. Ang institusyonalisadong asawa ay magkakaroon ng hindi bababa sa **90** mga araw (mas matagal kung kinakailangan ang isang utos ng korte) para ilipat ang ari-arian sa CSRA papunta sa komunidad na asawa. Ito ay para ilagay ang institusyonalisadong asawa sa loob ng \$130,000 na limitasyon ng ari-arian para sa isa. Ang CSRA para sa 2022 ay \$137,400.

Ang mga aplikante ng Medi-Cal na **wala** sa isang institusyon ay maaaring bawasan ang hindi-exempt na ari-arian sa limitasyong pinili nila sa anumang paraang sa loob ng kalendaryong buwan kung kailan nais nila ang Medi-Cal. Ang Medi-Cal ay maaaring mangailangan ng katibayan ng pagbabawas ng ari-arian.

Ang mga aplikanteng ito ay **hindi** magiging hindi karapat-dapat dahil sa isang di-exempt na paglipat ng ari-arian para sa mas mababang fair market value (FMV), maliban kung sila ay pumunta sa isang institusyon sa loob ng 30 mga buwan mula sa petsa ng paglipat nila ng ari-arian.

Ang paglipat ng mga di-exempt na ari-arian para sa mas mababang FMV ay isang pagbabago sa pagmamay-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng pagbibigay, pagbebenta, o kung hindi man pakikipag-palitan nito sa mas mababang halaga ng MC Information Notice 007 (Revision 07/22)

ari-arian.

Mahalaga: Kung ikaw ay nag-aapply bilang isang institusyonisadong tao, o isang tao na maaaring ma-institutionalize sa loob ng 30 mga buwan mula sa petsa ng paglipat, at naglipat ka ng di-exempt na ari-arian nang mas mababa sa FMV, maaari kang magkaroon ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat para sa pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing sa ilalim ng Medi-Cal. Ito ang mga paraan para mabawasan ang panahong hindi ka karapat-dapat:

- Magbayad ng mga medikal na bill
- Bumili ng mga kagamitan para sa bahay
- Magbayad ng mortgage sa tahanan
- Bumili ng mga damit
- Gumawa ng mga pagkukumpuni sa bahay
- Bayaran ang iyong utang sa sasakyan
- Bayaran ang iba pang mga utang
- Magsimulang mag-liquidate (mag-cash in) ng mga hindi likidong asset, halimbawa, sa pamamagitan ng pagkuha ng halaga ng cash surrender sa mga di-exempt na polisiya sa seguro sa buhay o paglilista ng ari-arian bilang ibinibenta sa kwalipikadong broker
- Humiram laban sa excess na ari-arian para masakop ang gastos ng pangangalagang medikal o hingiin sa iyong medikal na provider na maglagay ng isang lien laban sa ari-arian para masakop ang gastos ng pangangalaga

Exception: Principe v. Belshé

Ang mga taong hindi maaaring mabawasan ang kanilang excess na ari-arian sa panahon ng buwan ng pag-apply o sa mga susunod na buwan sa panahon ng pagpoproseso ng pag-aapply ay maaaring **gastusin pababa** ang kanilang ari-arian nang retroactive (pagkatapos) sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga kwalipikadong medikal na gastos. Ang mga ito ay maaaring mula sa anumang buwan ngunit dapat ay hindi nabayaran sa buwang ikaw ay nasa itaas ng limitasyon ng ari-arian para sa buwang iyon. Ang pagiging karapat-dapat ay ipagkakaloob, kung kwalipikado ka, **pagkatapos** mong gamitin ang excess na ari-arian para bayaran ang mga kwalipikadong medikal na gastos at ipakita sa lalawigan ang patunay ng pagbabayad.

Paglilipat ng exempt na ari-arian

Ang paglipat ng exempt (hindi binibilang) na ari-arian sa anumang oras ay **hindi** magiging sanhi ng panahon ng hindi pagiging karapat-dapat, hangga't ang ari-arian ay itinuturing na exempt sa oras ng paglipat. Kabilang rito ang paglipat ng ari-arian na ginagamit bilang tahanan o dating tahanan. Ang perang natanggap mula sa pagbebenta ng isang tahanan **ay** bibilangin bilang ari-arian maliban kung ang pera ay gagamitin para bumili ng isa pang tahanan sa loob ng 6 mga buwan. Ang anumang perang natanggap mula sa pagbebenta ng iba pang mga exempt na asset ay bibilangin bilang ari-arian.

Paglilipat ng di-exempt na ari-arian

Ang isang institusyonalisadong aplikante o benepisyaryo ng Medi-Cal na na-institutionalize sa loob ng 30 mga buwan mula sa petsa ng paglipat ay **maaaring** maging hindi karapat-dapat dahil sa paglipat ng di-exempt na ari-arian nang mas mababa sa FMV.

Ang di-exempt na ari-arian ay maaaring ilipat nang hindi nagiging sanhi ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat kung ang ari-arian ay inilipat sa:

- Asawa (o sa iba para sa nag-iisang benepisyaryo ng asawa), **o** sa
- Isang anak ng institusyonalisadong indibidwal na bulag o permanente at ganap na may kapansanan, **o**
- Ang ari-arian ay inilaan para mailipat sa FMV para sa isang bagay na may kapantay na halaga, **o**
- Ang ari-arian ay hindi inilipat para maitatag ang pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, **o**
- Isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat para sa pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing na magiging sanhi ng isang hindi nararapat na paghihirap.

Ang paglipat ng di-exempt na dating tirahan sa isang taong nakalista sa susunod na seksyon o ang paglipat ng mga exempt na ari-arian sa sinuman ay **hindi** magresulta sa isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat para sa isang pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing kung ang ari-arian ay ibinigay, ibinebenta, o kung hindi man ay ipinagpalit sa mas mababa kesa sa FMV.

Kung ang di-exempt na dating tirahan ay inilipat nang mas mababa sa FMV sa ibang mga tao, o ang di-exempt na ari-arian ay inilipat nang mas mababa sa FMV, ang paglipat ay maaaring magresulta sa isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat para pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing sa loob ng 1 hanggang 30 mga buwan.

Ang panahong ito ng hindi pagiging karapat-dapat ay batay sa hindi bayad na halaga ng ari-arian (dolyar na halaga ng kabayaran hindi natanggap) na hinati sa average na rate ng estado para sa pribadong kabayaran sa pangangalaga sa pasilidad ng nursing. Ang pang-estadong average na rate ng pribadong suweldo para sa taong 2022 ay \$10,933 bawat buwan.

Halimbawa:

Binabawasan ng isang institusyonalisadong tao ang ari-arian sa pamamagitan ng paglilipat ng \$33,000 sa excess na ari-arian sa isang bata bilang isang regalo. Dahil ang tao ay walang nakuhang halaga ng fair market kapalit ng regalo, **hindi** sila kwalipikado para sa pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing. Kung ang average ng estado sa buwanang rate para sa pribadong bayad na pangangalagang nursing ay \$11,000, ang tao ay hindi karapat-dapat para sa pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing sa loob ng tatlong buwan, simula ng buwan ng paglipat. Ito ay \$33,000 na hinati sa \$ 11,000 na average na rate ng pribadong suweldo. Kwalipikado pa

rin ang tao para sa lahat ng iba pang mga serbisyo ng Medi-Cal.

Paglilipat ng isang di-exempt na dating tahanan sa pamamagitan ng isang institusyonalisadong tao na hindi nagreresulta sa isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat

Ang paglilipat ng exempt na tahanan ay hindi nagiging sanhi ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat. Ang paglilipat ng isang di-exempt na dating tahanan ay hindi rin magdudulot ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat kung ang titulo ng bahay ay inilipat sa:

- Asawa, ○
- Isang batang mas bata sa 21, ○
- Isang bata, anuman ang edad, na bulag o ganap at permanenteng may kapansanan, ○
- Isang bata na hindi nakalista sa itaas na nakatira sa bahay para sa dalawang taon bago ang petsa ng pagpasok ng institusyonalisadong tao, at kung sino ang nagbigay ng pangangalaga na pinapayagan ang taong iyon na manirahan sa bahay sa halip na sa institusyon o pasilidad, ○
- Isang kapatid na may equity na interes sa bahay at nanirahan sa bahay para sa isang taon, ang taon bago ang petsang ipinasok ang institusyonalisadong tao sa pasilidad o institusyon.

Dapat matukoy ng lalawigan kung umiiral ang hindi nararapat na kahirapan **bago** ito magtakda ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat para sa pangangalagang nasa antas ng pasilidad ng nursing. Kapag ang isang paglilipat ay nagiging sanhi ng isang panahon ng hindi pagiging karapat-dapat, Ang taong hindi karapat-dapat ay may karapatang humingi ng apela sa pamamagitan ng patas na paglilitis. Ang form ng apela ay nasa likod ng Abiso ng Pagkilos na tumatapos, tumatanggi, o paghihigpit sa pagiging karapat-dapat.